

1

Ang sarap ng tubig! usal ni Nerissa sa isip nang masayang lumusong sa malinaw na batis; hanggang balik at niya ang tubig. Mapresko roon at nasa lilim siya ng isang malaking punong-kahoy.

Sa gulang na seventeen ay dalagang-dalaga na siyang tingnan. Bumabakat sa manipis na kamiseta at maiksing shorts ang papahubog na niyang katawan. Matangkad at seksi siya. Kita sa mayuming mukha niya ang simpleng ganda bagaman hindi naman siya kaputian.

Siyang-siya si Nerissa habang isinasaboy ang tubig sa sariling katawan. Nang walang anu-ano ay nakarinig siya ng tunog ng tila nabaling sanga ng punong-kahoy. Tiningala niya ang pinagmumulan ng ingay at napatili nang malakas.

“Itay! Binobosohan ako!”

Mabilis na bumaba ng punong-kahoy ang lalaking nasa itaas niyon—si Luke, eighteen years old, guwapo, anak ng isa sa pinakamayamang pamilya sa bayan ng San Isidro.

“Shh... huwag kang maingay!” pigil nito.

“Hindi ko naman alam na maliligo ka rito sa batis. Namamaril lang ako ng ibon.” Inilantad pa ng binata ang hawak na rifle.

“Sinungaling!” mataray niyang sigaw. “Alam mong madalas akong maligo rito kaya’t inabangan mo talaga ako!”

“Nagkakamali ka, Nerissa,” mahinahon pa ring paliwanag nito. “Wala akong ibang intensyon nang pumanhik ako rito upang mamaril ng ibon. Hindi ko ugali ang mamboso gaya ng ibinibintang mo. Mapapagalitan ako ng Papa kapag nalaman niyang ginawa ko iyon.”

“Kaya isusumbong kita sa Don!” matigas na sabi niya. Ang don na tinutukoy niya ay ang ama ng binata. Katiwala lamang ng mga magulang ng lalaki ang mga magulang niya subalit hindi siya nag-aalangan na pagsungitan ito.

Ang totoo ay talagang inabangan ni Luke ang dalaga subalit hindi upang bosohan. Alam niyang madalas itong namamasyal sa batis pero hindi niya inaasahang maliligo ito roon. May lihim siyang paghanga kay Nerissa. Gustung-gusto niya ang simpleng ganda nito.

“Nerissa, ano ba’ng nangyayari?” tanong ni Mang

Damian na humahangos sa kinaroroonan ng dalaga. “O, Señorito, nandito pala kayo?” nabiglang sabi nito nang makita ang binata.

“Binobosohan niya ako, Itay!” mabilis na sumbong ni Nerissa sa ama.

“Hindi ho totoo ’yon, Mang Damian!” mabilis namang tanggi ni Luke na nakababa na nang lubusan sa lupa. “Namamaril ho ako ng ibon.”

“Hindi mo na kailangang magpaliwanag, Hijo,” nakangiting sabi ni Mang Damian sa anak ng amo. “Alam kong nagsasabi ka ng totoo,” anito, sabay baling sa anak. “Umahon ka na riyan at umuwi sa bahay, Nerissa.”

“Hindi kayo naniniwalang binobosohan ako ni Luke, Itay?”

“Señorito Luke, Anak,” pagtatama ng matanda. “Matuto kang gumalang sa amo natin.”

Nakaismid nang umahon sa tubig ang dalaga, pagkuwa’y buong taray na inirapan si Luke. “Palibhasa kasi amo ka kaya hindi nakikita ang mali mong mga gawain!”

“Nerissa!” saway ni Mang Damian.

“Hmph! Kay yabang tumindig! Akala mo’y

guwapo!” ingos niya bago binirahan ng alis.

Hindi magkandatuto sa paghingi ng dispensa si Mang Damian. “Pagpasensyahan mo na sana ang anak ko, Señorito—”

“Walang anuman ho ’yon,” nakangiting tugon ng binata. “Nagulat lamang siya nang makita ako rito.”

“Kay bait naman ng batang iyon,” ani Aling Auring, ina ni Nerissa habang naghahain sa mesa. “Ano’ng naisipan mo at pinagbintangan mo siya, Anak?”

“Talaga namang namboboso siya, Inay,” mariing sumbong niya habang nagbibihis sa kuwarto. “Kung di, ano’ng ginagawa niya roon, aber?”

“Di namamaril ng ibon,” sabad ni Mang Damian. “Hindi mo ba narinig na sinabi niya?”

“Naku! Nagpapaniwala kayo roon, Itay.”

“Ikaw, Nerissa, tigilan mo ang kasupladahan mo, ha!” pangaral ng ama niya. “Pati ang anak ni Don Carlo’y pinagsusungitan mo pa.”

“Kay yabang talaga!” pabulong na sabi niya. “Palibhasa’y alam niyang kakampihan pa rin siya.

May araw ka rin sa akin, Luke ka! Hindi ako natatakot sa 'yo kahit mayaman ka! Galit ako sa katulad mong mayayaman dahil kayo ang nagpapahirap sa amin!”

Binabaybay ni Nerissa ang kahabaan ng daan patungo sa labasan nang may pumarang sasakyan sa tabi niya. Papasok na siya sa eskuwelahan nang umagang iyon.

“Sumabay ka na sa akin, Nerissa,” nakangiting yaya ni Luke na siyang nagmamaneho ng kotse. “Papasok na rin ako. Idadaan na kita sa eskuwelahan n’yo.”

Tuluy-tuloy siya sa paghakbang. Nasira na naman ang araw niya nang makita ang binata. “Hindi na bale! Kaya ko namang maglakad!”

“Sasabayan na kita.” Umibis ito ng sasakyan at sinabayan siya sa paghakbang. “Makikita ng isa sa mga tauhan namin ang kotse at ibabalik na lamang iyon sa bahay.”

“Puwede ba, naiirita ako kapag may kasabay na katulad mo!” bulyaw niya rito. “Puwede bang hayaan mo na lamang akong mag-isa!”

“Bakit kay sungit mo sa akin?” seryosong tanong

nito. Litaw sa mapupungay na mata ang kabaitan nito. “Hindi mo ba ako gustong maging kaibigan? Mga bata pa lamang tayo ay nakikipagmabutihan na ako sa ’yo pero—”

“Tse! D’yan ka na!” Binilisan niya ang paghakbang at hindi na pinakinggan ang sinasabi nito.

Iiling-iling na bumalik sa sasakyan si Luke. Nanlulumo ito. *Bakit ganoon si Nerissa? Wala naman akong ginagawang masama upang pagsupladahan niya. Ano pa ba ang dapat kong gawin?*

“Talagang matindi ang paghanga sa ’yo ng anak ng don, Nerissa,” nakangiting tudyo ni Maila nang minsang papauwi na silang magkaibigan. “Nakaabang na naman sa ’yo sa gate, o!” Ininguso ng babae ang binata.

Nakaparada sa isang tabi ang sasakyan ni Luke nang mamataan niya. Tiyak na hinihintay na naman siya nito upang isabay pauwi na hindi naman niya pinaunlakan.

“Kailan ka ba matatauhan?” patuloy ni Maila. “Kung sa akin lang magpapakita ng motibo si Luke, hindi ako magdadalawang-isip.”

“Hay naku! Ang yaman na naman ng tinitingnan mo,” ingos niya.

“Mabait naman siya, ah!”

“Nagkukunwaring mabait!”

“Bakit mo naman nasabi ’yan?”

“Baka may planong tumakbong mayor pagdating ng araw.”

Natawa ito. “Eh, di sana’y sa lahat niya ginagawa ang ginagawa niya sa ’yo.”

“Ewan pero talagang mainit ang ulo ko sa kanya. Marahil iyon ay dahil sa amo namin siya. Naiinis ako kapag nagmamadali ang mga magulang ko upang sundin lamang ang mga iniuutos nila. Naaawa ako sa katayuan ng mga magulang ko. Hindi ko alam kung kailan ko sila maitatakas sa anino ng mga Valdez. Ang lahat ng iyon ay idinadaan ko sa inis. Sa pamamagitan man lamang niyon ay maipadama ko sa kanila ang hirap na nararanasan namin.”

Hindi pa man lubusang nakakalapit sina Nerissa at Maila ay nakangiti na si Luke. “Sabay na kayo sa akin,” yaya nito.

“Okay sa akin, ewan ko dito,” nakangiting pauna ni Maila.

“Maglalakad na lang ako,” sabi niya. “Isa pa’y marami namang tricycle na masasakyan.”

“Hindi papasok ang tricycle sa loob ng hacienda. Maglalakad ka na naman,” pamimilit ng binata. “Puwede naman kitang ihatid.”

Panay ang siko sa kanya ng kaibigan. “Pumayag ka na!” bulong nito.

“Hindi.”

Nagsimulang pumatak ang ulan. Nadidismayang tiningala niya ang madilim na kalangitan.

“Mapuputikan ka,” ani Maila. “Hindi ba’t isusuot mo pa ang uniporme mo bukas?”

Sandaling nag-isip si Nerissa. Bago pa siya nakatugon ay nabuksan na ni Luke ang pintuan ng harapan ng sasakyan at naitulak na siya ng kaibigan pasakay roon. Sa likod ito naupo.

“Gusto mo bang lakasan ko pa ang air-con?” tanong ng binata.

“Masyado nang malamig,” tipid niyang tugon.

“Music?”

“Bahala ka kung ano pa ang gusto mong gawin,” aniya, sabay ingos.

Makahulugang ngiti ang pinakawalan nito. Sinumpong ito ng kapilyuhan at bigla nitong hinalikan sa pisngi si Nerissa. Namilog ang mga mata ng dalaga at bigla niyang sinampal nang malakas ang binata. Napa- “Susmaryosep!” naman si Maila.

“Tarantado ka! Bastos!” sigaw niya at dali-daling bumaba ng sasakyan.

“Teka, akala ko ba’y bahala na ako kung ano pa ang gusto kong gawin?” paliwanag nito.

Hindi pa siya nakontento. Sinampal niyang muli si Luke kahit nasa labas na siya ng kotse. Napatunganga si Maila na hindi pa rin bumababa.

“Bastos!” ulit niya, nanggigigil sa galit. “Maila, ano ba? Bumaba ka na riyan!”

“H-ha? O-oo!” tarantang tugon ng kaibigan. “Luke, pasensya ka na, ha?” baling nito sa binata bago umibis ng sasakyan.

“Puwede ba, ihingi mo na lang ako ng paumanhin sa kaibigan mo?” kunot-noong sabi ni Luke, sapo ang pisnging nasampal. “Ang sakit ng sampal niya, ah.”

“Pasensya ka na ulit.” Bumaba na si Maila.

Iiling-iling na pinatakbo ng binata ang sasakyan habang nagpupuyos pa rin sa galit si Nerissa.

“Tingnan mo, Maila? Iyon ba ang gentleman at mabait?” sabi niya sa malakas na boses. “Tingnan mo’ng ginawa niya sa akin!”

“Hindi lang niya napigilan ang matinding paghanga niya sa ’yo, Nerissa.”

“Hay naku, magsama kayong dalawa!” bulyaw niya bago ito sinabayan ng talikod.

“Teka, Nerissa, huwag mo akong iwan! Hoy!”

Hindi dalawin ng antok si Nerissa nang gabing iyon. Papihit-pihit siya sa higaan habang hawak-hawak ang pisnging nahagkan ni Luke. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit hindi niya mawaglit sa isip ang binata.

Ano ba, Nerissa! sita niya sa sarili. Kalimutan mo na nga ang Luke na iyon. Paglalaruan ka lamang niya. Hindi ka dapat magtiwala sa mga katulad niya. Gamitin mo ang utak mo!

Biglang kumatok sa pinto ang kanyang ina. “Nerissa, natutulog ka na ba?” tanong nito.

“Hindi pa ho.” Bumangon siya at binuksan ang pinto. “Bakit ho?”

Hanggang tainga ang ngiti ni Aling Auring. “Magbihis ka’t may bisita ka.”

“Sa ganitong oras ng gabi, Inay?” Maagang natutulog ang mga tao sa lugar nila. “Sino naman ho?”

“Basta’t magbihis ka na. Malalaman mo mamaya.”

“Bakit nakuha n’yo pang tumanggap ng bisita sa ganitong oras ng gabi?” takang tanong niya. “Mag-a-alas-nueve na, Inay.”

Hindi siya pinansin nito kaya naguguluhan man ay napilitan siyang magpalit ng pambahay.

Hindi niya alam kung ano ang unang magiging reaksyon nang makitang nakaupo sa balkonahe si Luke, kausap ang kanyang itay. Sa ibabaw ng mesa ay may nakabalot na mga mansanas, ubas at oranges. Tiyak niyang dala iyon ng binata.

“O, nandito na pala ang anak ko,” nakangiting sabi ni Mang Damian nang mapansin siyang nakatayo sa pintuan. “Harapin mo muna ang bisita mo, Anak, ha? Sa labas lang kami ng nanay mo upang isako ang mga gulay na napitas namin kanina.” Pagkasabi niyon ay mabilis na itong umalis.

Tila may magneto ang mga mata ni Luke nang

titigan siya nito. Dahan-dahan siyang humakbang patungo sa silya at naupo. “Anong masamang hangin ang nagtulak sa ’yo rito?” madiin ngunit mahinahon niyang tanong.

Tumikhim muna ito bago sumagot. “G-gusto kitang makita.”

“Araw-araw naman tayong nagkikita dahil sa pangungulit mo,” irap niya. “Kanina lamang ay ininis mo ako!”

“I’m sorry.”

“Alam ba ito ng papa mo?”

“Hindi pa.”

“Puwede ba, umuwi ka na. Inaantok na ako, eh.”

“Ang aga-aga pa naman. Magkuwentuhan muna tayo,” kakamut-kamot na sabi nito.

Lingid sa kanila ay lihim na nakikinig sina Mang Damian at Aling Auring.

“Ano’ng sabi, Auring?” tanong ni Mang Damian sa asawa.

“Inaantok na raw ang dalaga natin.”

“Inaantok o sinusumpung na naman ng

kasupladahan?”

“Ipagpatuloy na nga natin ang ginagawa natin at baka makita pa tayo rito ng dalawa,” natatawang saad ni Aling Auring.

Nanaig ang katahimikan kina Nerissa at Luke. Ngunit mayamaya lamang ay nagsalita ang dalaga. “Gusto mo ng kape?”

“Huwag na lang,” tanggi nito, nakatitig nang tuwid sa kanyang magandang mukha.

Umiba siya ng tingin. “Oo nga pala, hindi imported ang kape namin dito kaya ayaw mo.”

“Hindi sa ganoon—”

“Hmph! Umuwi ka na nga!” aniya, sabay tayo at tuluy-tuloy sa loob ng bahay.

“Teka, Nerissa!”

Walang lingon-likod na pumanhik ng hagdan ang dalaga. Naiwang nanlulumo si Luke.

Nais mang-inis ni Nerissa ngayon na tiyak na niyang humahanga sa kanya ang anak ni Don Carlo.

Isang araw, sumabay siya sa isang manliligaw,

si Pol. May-kaya rin ang pamilya nito subalit hindi kasing-yaman ni Luke. Pumayag siyang magpahatid sa manliligaw hanggang sa loob ng *Hacienda Valdez*. Tamang-tama namang paparating si Luke galing ng eskuwelahan. Tila umakyat ang dugo sa ulo ng binata nang makitang magkasabay ang dalawa.

Itinabi ni Luke ang sasakyan habang sinusundan ng tingin ang dalawang magkahawak-kamay pa. Nais niyang panghinaan ng loob. Napakuyom ang kamay niya at tumiim ang mga bagang.

Ang totoo ay si Nerissa mismo ang biglang humawak sa palad ni Pol upang pagselosin si Luke.

Napakislot si Pol, takang-taka sa inasal ng dalaga. Inakala nitong nagkakagusto na rito si Nerissa kaya niyaya siya nito sa isang tabi at mabilis na humingi ng isang halik.

Sampal ang ibinigay niya rito. “Walanghiya ka!” galit niyang sigaw. “Ginagamit lamang kita, kumagat ka na! Ano’ng akala mo sa akin, cheap?”

“Nerissa, alam kong nagpapakipot ka lang,” hirit pa nito. “Huwag kang mag-alala, walang ibang makakaalam nito.”

“Hayop ka talaga!”

Napababa ng sasakyan si Luke nang marinig ang sigaw ni Nerissa. Mabilis siyang tumakbo palapit sa mga ito at nang makitang nagpupumilit humalik si Pol ay bigla niya itong binanatan ng suntok.

“Ba’t ka ba nakikialam?” galit na sabi ni Pol na noon ay putok na ang labi sanhi ng suntok ng binata.

“Binabastos mo si Nerissa!” namumulang balik-sigaw ni Luke.

Napasiksik naman sa isang tabi ang dalaga.

“Magkasintahan kami kaya wala kang pakialam sa amin!” ganti ni Pol.

“Sinungaling! Hindi totoo ’yan!” singit ni Nerissa na noon ay humihikbi na.

Bago pa muling nakapagsalita ang dalaga ay nag-undayan na ng suntok ang dalawang lalaki.

Nataranta siya. “Tama na! Ano ba, magsitigil na kayo!”

Hindi pa katagalan noon nang pumailanlang ang isang putok ng baril. Mabilis na lumalapit si Don Carlo sa kanila, bitbit ang rifle na pinaputok nito nang makitang nagsusuntukan sina Luke at Pol. Kasalukuyan itong namamaril ng ibon nang mamataan sila.

Pagkakita pa lamang sa don ay napakaripas na ng takbo si Pol palabas ng *Hacienda Valdez*.

“Anong kaguluhan ito, Luke?” tanong ng ama ng binata sa mariing boses.

Hindi tumugon si Luke.

“I-ipinagtanggol lamang ako ni Señorito Luke, Don Carlo,” singit na paliwanag ni Nerissa upang hindi mapagalitan ang binata. “W-wala ho siyang kasalanan.”

“Umuwi ka na, Hija,” baling ng don sa kanya. “O, gusto mo nang sumabay sa kotse ni Luke?”

“H-hindi, huwag na lang ho,” aniya. “Malapit na ho ang bahay namin.”

“Ikaw ang bahala. Mag-iingat ka.”

“Salamat po.” At mabilis nang tumalikod si Nerissa.

Nakasunod ang mga mata ni Luke sa dalaga; masamang-masama ang loob niya. Halos hindi niya napansin ang paliwanag ni Nerissa sa kanyang ama dahil hanggang sa mga sandaling iyon ay parang nakikita pa niya ang dalaga at si Pol—magkahawak-kamay at magkasabay na naglalakad sa kahabaan ng hacienda.

You Are Always In My Heart - Niña Cancila

Bakit sa kanya ay hindi man lamang pumayag na magpahatid si Nerissa? Bakit kay Pol ay hindi ito nagdalawang-isip? At kung hindi pa siya dumating ay baka kung ano na ang nangyari rito.

“Hijo, tayo na,” untag ng don nang hindi pa rin siya kumikilos.

Saka pa lamang siya humakbang patungo sa sasakyan.

2

Sina Don Carlo at Doña Stella ay nasa early fifties pa lamang. Kilala ang mga ito sa nayon nila bilang matulungin at mabait. Kaya may pinagmanahan si Luke kung sa pagiging maamo ang pag-uusapan subalit may itinatago itong kahinaan.

Kinakabahan si Nerissa habang binabagtas ang daan patungo sa mansyon ng mga Valdez. Maliban sa pagiging katiwala, ipinaglalaba rin ni Aling Auring ang mga ito. Nang araw na iyon ay walang ibang puwedeng magdala ng mga labada sa malaking bahay kundi siya. Gusto rin naman niyang makita si Luke na simula nang mangyari ang insidente sa hacienda ay hindi na nagpapakita sa kanya.

Kilala na siya sa mansyon. Nakakapasok siya roon nang walang problema. Tuluy-tuloy siya sa sala subalit biglang napahinto sa paghakbang nang marinig ang tinig ng mag-asawang Valdez. Pinagsasabihan ng mga ito ang kaisa-isang anak.

“May kumakalat na balita sa nayon na nagkaka-gusto ka sa anak ng ating katiwala, Luke,” sabi ni Don Carlo na ang tinig ay nagmumula sa dining room. “Noong isang araw na nakipag-away ka, dahil iyon

kay Nerissa, hindi ba?”

Walang tugon mula kay Luke.

“At ang pagpapabaya mo sa pag-aaral,” sabad ni Doña Stella. “Ang sabi ng professor mo, tumatagilid ka na sa klase.”

“Talagang hindi ko kaya ang kursong gusto n’yo para sa akin,” mahinang katuwiran ng binata. “Hindi ko gustong kumuha ng Business Administration. Kayo lang ang may gusto n’on.”

“Kung hindi ka nahuhumaling sa isang babae, makakaya mo ’yon, Luke.” Tumaas na ang tinig ng don. “May iba kang pinagtutuunan ng atensyon kaya ka nagkakaganyan. Hindi mo ba naisip na ikaw lang ang kaisa-isang magmamana ng lahat ng pinaghihirapan namin ng iyong mama? Paano kung wala kang alam sa pagpapatakbo ng negosyo? Sino ang maaari naming pagkatiwalaan?”

Naumid na naman ang dila ng binata.

“Ipadadala ka namin sa Maynila upang mapalayo ka kay Nerissa,” mariing sabi ng doña. “Alam naming iniwasan ka niya subalit patuloy ka pa rin sa iyong pangungulit.”

“Ma,” ani Luke, sabay angat ng tingin, nagma-

makaawa ang mukha, “ayoko sa Maynila.”

“Tatawagan ko si Atty. Madrigal upang isaayos ang matutuluyan mo roon,” dugtong ng don.

Padabog na tumayo si Luke at tuluy-tuloy na umalis.

“Luke, bumalik ka rito!” tawag ni Don Carlo.
“Luke!”

Napahinto sa pagtakbo ang binata nang makita si Nerissa sa sala. Nabitawan niya ang hawak na mga nilabhan nang makita ang paninisi sa mga mata nito. Walang salitang mabilis na lumabas ng mansyon si Luke.

Dinala si Luke ng kanyang mga paa sa batis na madalas pasyalan ni Nerissa. Doon niya pinaalpas ang kanyang mga sama ng loob habang isa-isang ipinupukol sa batis ang maliliit na bato.

Naglalaro sa imahinasyon niya ang larawan ng dalaga, mula sa pagiging musmos nito hanggang sa kasalukuyan. Mula nang una niyang makita ang magandang mukha nito ay hindi na niya ito nakalimutan. Ito ang unang nagpatibok ng kanyang puso; ito ang larawan ng kanyang mga pangarap.

Mayamaya lamang ay muling pumormal ang mukha ni Luke.

Paparating si Nerissa galing sa mansyon. Dumadaan siya sa batis pauwi ng bahay nila. Tuluy-tuloy siya at hindi pinansin ang binata kahit alam niyang naroroon ito.

“Nerissa!” hindi nakatiis na tawag nito.

Walang tugon mula sa kanya.

“Nerissa!”

Huminto siya at humarap dito. “Bakit?”

“Narinig mo ang pinag-usapan namin kanina, hindi ba?”

Hindi siya tumugon.

“Totoo ’yon,” patuloy nito. “Napapabayaang ko ang pag-aaral ko dahil sa ’yo. Umaga, gabi, kahit sa magdamag, ikaw ang palagi kong naaalala. Hindi ko alam kung bakit ganoon na lamang ang laki ng pagtingin ko sa ’yo. Siguro mahal na kita. Oo nga, mahal na kita. Pero bakit mo ako ginaganito?”

“Bata ka pa; hindi mo alam ang mga sinasabi mo,” mahinahong sabi niya. “Hindi mo lang matanggap sa sarili mo na hindi mo ako kayang bolahin kahit anak

lamang ako ng katiwala n'yo. Natatapakan ang pride mo, Luke, kaya ka nagkakaganyan. Kung maniniwala ako sa 'yo, paglalaruan mo lamang ako. Alam kong ang isang katulad mo ay hindi magkakagusto sa akin kahit kailan.”

“Maniwala ka, Nerissa, mahal kita,” pamimilit nito.

Tumalikod siya. “Uuwi na ako.”

“Sandali!” pigil nito, pagkuwa’y lumapit sa kanya na huminto sa paghakbang. “Humarap ka sa akin. May gusto pa akong sabihin sa 'yo.”

Marahan siyang humarap. “Bilisan mo’t nagmamadali ako.”

Nanlaki ang mga mata niya nang bigla siya nitong siilin ng halik sa labi. Matagal bago nito pakawalan ang bibig niya; halos hindi siya makahinga sa halik nito. Hindi nito alintana ang mga suntok niya sa dibdib nito.

Isang malakas na sampal ang pinadapo niya sa pisngi nito nang sa wakas ay bitawan siya nito. “Walanghiya ka! Isusumbong kita sa itay ko!”

“Salamat, Nerissa,” seryosong tugon ni Luke, pagkuwa’y tumalikod na paalis.

Naiwang paimpit na humahaguhol si Nerissa. Hindi niya alam kung umiiyak siya dahil sa ginawang kapangahasan ng binata o dahil sa katotohanang malapit na itong lumayo.

Ilang buwan ang matuling lumipas mula noon. Hindi na nga muling nakita ni Nerissa si Luke. Sa Maynila na ito nagpatuloy sa pag-aaral at hindi na naisipang umuwi o magbakasyon man lang.

Isang araw ay nagulat na lamang ang mag-anak na Belen nang ipatawag sila ng mag-asawang Valdez sa mansyon. Kinakabahan pa sila sa isiping baka nais na sila nitong palitan bilang katiwala. Mahigit dalawampung taon na rin silang naninilbihan sa mag-asawa.

Subalit maluwang na ngiti ang isinalubong sa kanila nina Don Carlo at Doña Stella.

“Maupo kayo, Damian,” sabi ni Don Carlo.

“Tila napakahalaga ng nais n’yong sabihin sa amin, Don Carlo, at ipinasama n’yo pa sa amin si Nerissa,” nakangiti ngunit kinakabahang saad ni Mang Damian.

“May malungkot na pangyayari sa buhay namin,”

seryosong simula ni Doña Stella. “Kayong mag-anak ay matagal na naming pinagtitiwalaan at sa pagkakataong ito ay alam naming kayo lamang ang makakatulong sa amin.”

Ngumiti si Don Carlo. “Nakakainggit kayo at napakabait at napakatalino ng inyong anak.” Bumaling ito kay Nerissa. “Nasa pangalawang taon ka na sa kursong Education, Hija, hindi ba?”

“O-oho,” nahihiyang tango niya.

“Natutuwa kami’t hindi nasasayang ang pagpaparal namin sa ’yo,” nakangiting dugtong ng doña.

Gulat siyang napatingin sa mga magulang. “S-sila ho ang nagpapaaral sa akin?”

Bahagyang tango ang pinakawalan ng mag-asawa.

“Alam naming tatanggi ka kaya hindi namin sinabi sa ’yo,” ani Mang Damian. “Subalit, Anak, wala kaming ibang maipantutustos sa pag-aaral mo sa kolehiyo.”

Natigilan siya.

“Huwag kang mag-alala, Hija,” alo ni Don Carlo. “Ipagpapatuloy mo pa rin ang pag-aaral mo. Subalit sa pagkakataong ito ay may hihingin kaming pabor

sa inyong mag-anak.”

“Sabihin lamang ninyo at aming pagbibigyan kung aming makakaya, Don Carlo, Doña Stella,” sabi ni Aling Auring.

“Nais sana naming kupkupin si Nerissa,” deretsong tugon ng doña.

Nagkatinginan ang mag-anak na Belen.

“Gusto namin siyang ituring na kapamilya,” patuloy ni Don Carlo. “Pag-aaralin namin siya sa Maynila upang lalong madaragdagan ang kanyang kaalaman. Kukuha siya ng isang kursong magbibigay sa kanya ng kaalaman sa pagpapatakbo ng negosyo upang siya ang mamahala sa hacienda na ito pagdating ng araw.

“Tumatanda na kami,” patuloy nito. “Wala kaming ibang malapit na kamag-anak dito. Kung meron man, malabo namin silang pagkatiwalaan. Kilala namin kayo; talagang buong puso ang paninilbihan ninyo sa amin. Ang gagawin namin kay Nerissa ay ganti na rin namin sa mga utang na loob namin sa inyo.”

Napangiti si Mang Damian. “Kami ang maraming utang na loob sa inyo. Kami ang dapat mag-isip ng paraan upang kayo’y magantihan.”

“Subalit bakit ang anak namin?” tanong ni Aling Auring. “Napakalaki na ng mga naitulong n’yo sa amin upang madaragdagan pa.”

“Nakikita namin ang kabaitan at katalinuhan ng anak n’yo, Auring,” ani Doña Stella.

“May anak kayo upang siyang mamahala ng lahat ng ito,” sabi ni Mang Damian. “Ano na lamang ang iisipin ni Luke?”

Bumuntunghininga nang malalim ang don bago nagsalita. “Walang patutunguhan ang ginagawa ng kaisa-isa naming anak, Damian. Nakakalungkot isipin pero lalo siyang nagpabaya ng kanyang pag-aaral sa Maynila. Nalulong siya sa barkada at palipat-lipat siya ng eskuwelahan nang walang natatapos. May katigasan na ang ulo ng anak namin. Hindi namin alam kung paano siya patitinin. Ni ayaw na niyang umuwi rito.”

“Ikinalulungkot naming marinig ang mga iyan, Don Carlo,” nakatungong sabi ni Mang Damian.

“Ang akala namin ay...” sabad ni Aling Auring na nais ipahayag ang paghanga sa binata.

Napapalunok naman si Nerissa, hindi maka-pagsalita.

“Sana’y mapagbigyan n’yo kami sa aming kahilingan,” ani Doña Stella.

“Matatanggihan ba namin kayo?” pahayag ni Mang Damian. “Gayong ang nais n’yong mangyari ay para na rin sa kabutihan ng aming anak?”

Napangiti si Doña Stella, pagkuwa’y binalingan ang dalaga. “Nerissa, Hija, ipapaayos na namin sa aming abogado ang kakailanganin mo sa Maynila. Dadalawin ka namin roon kasama ang iyong mga magulang.”

Walang sukat masabi si Nerissa. Basta na lang pumatak ang kanyang mga luha. At ni hindi niya alam kung bakit.

3

Matulin ang paglipas ng mga taon. Pagkatapos ng ilang taong pamimirmihan sa Maynila ay umuwi na sa bayan nila si Nerissa. Tapos na siya ng Business Administration major in Management at nakahanda na siyang mamahala ng *Hacienda Valdez* at ng iba pang mga negosyo ni Don Carlo. Sa loob ng mga taong iyon ay wala siyang nabalitaan kay Luke. Subalit hindi niya maikakaila sa kanyang sariling palagi niya itong naaalala.

Labis ang katuwaan nina Mang Damian at Aling Auring nang makita siya. Ang matatanda ay binigyan nina Don Carlo at Doña Stella ng bahay na gawa sa konkreto sa isang bahagi ng hacienda.

May pagdiriwang na gaganapin sa mansyon at abala ang lahat sa paghahanda niyon.

“Ano’ng okasyon, Mama Stella?” tanong ni Nerissa sa doña. Palagay na ang loob niya rito. Kung ituring niya ito ay ina at si Don Carlo naman ay ama.

“Para sa pag-uwi mo, Hija,” nakangiting tugon ni Doña Stella. “At para sa pagdating ni Luke.”

“D-darating siya?” May kabang dumapo sa

kanyang dibdib.

“Sadyang isinabay namin sa pag-uwi mo upang malaman na niya ang lahat,” ani Don Carlo.

Napabuntunghininga siya. “Pupuntahan ko ang Inay at Itay sa loob ng bahay; maiwan ko muna kayo.” Deretso siyang tumalikod.

Abala sina Mang Damian at Aling Auring sa pagtulong sa loob ng mansyon. Napaluha siya nang yakapin ang mga ito. Pagkatapos ng ilang kuwentuhan at balitaan ay ipinasya niyang mamasyal sa buong kabahayan na marami na ang naging pagbabago.

Nakita niya ang kanyang mga litratong nakalagay sa frames sa sala.

Totoong pinahahalagahan siya ng mag-asawang Valdez. Ano kaya ang pakilala ng mga ito sa mga kakilala at kamag-anak? Dakilang protégé? Alaga? Napailing siya. Bakit kailangan pa niyang pagtuunan ng pansin ang mga bagay na iyon? Ang mahalaga ay maraming magagandang oportunidad ang naghihintay sa kanya. Mabuti na lamang at may isang katulad nina Don Carlo at Doña Stella.

Natuon ang pansin niya sa larawan ni Luke. Sa tingin ay lalong gumandang lalaki ang unico hijo ng mga Valdez. Napakaguwapo nito subalit marahil ay

hindi pa rin ito nakakatapos ng pag-aaral.

Nag-umpisa na ang pagtitipon nang dumating si Luke. Naka-rugged ito, pormang easy-go-lucky. Katatapos lamang ipakilala ng mag-asawang Valdez si Nerissa sa mga panauhin bilang anak na babae ng mga ito. Kahit ang totoo ay alam naman ng mga ito na si Nerissa ay anak lamang ng kanilang katiwala.

Ang streamer na nakasabit sa harapan ng mansyon ang unang napansin ni Luke nang dumating kinagabihan: *Welcome Home, Luke and Nerissa!*

May mga katanungang kaagad na nabuo sa isip ng binata. Mabilis siyang tumuloy sa loob ng bahay at bumulaga sa kanya ang kasiyahan.

Napagtanto niyang totoo nga ang mga nasasagap niyang balita sa Maynila at mga balitang sumalubong sa kanya sa nayon. Pinag-aral ng mga magulang niya ang anak ng kanilang katiwala—si Nerissa, ang babaeng nagpagulo ng kanyang kabataan.

Ngayong twenty-three na siya at twenty-two si Nerissa, magulo pa rin ang kanyang buhay. Muntik na siyang malulong sa drugs kung hindi naagapan ng kanyang mga magulang.

Ang party na naabutan niya ay may dulot na kurot sa kanyang puso. Kaya pala siya pinababayaang, naisip niya; kaya pala siya hinayaang umuwing mag-isa dahil kay Nerissa. Ngunit hindi ba at siya naman ang may gustong umuwing mag-isa?

“Luke, Hijo,” nakangiting salubong ni Doña Stella sa anak.

Tuluy-tuloy si Luke sa hagdanan; ni hindi man lamang niya ginawian ng tingin ang mga panauhing naroroon. Pagkatapos magpaalam sa mga bisita ay hinila ni Doña Stella si Nerissa at sinundan si Luke sa itaas. Nakasunod din sa kanila si Don Carlo.

“Luke, hanggang ngayon ay dala mo pa rin ang kagaspangan ng ugali mo!” sita ni Don Carlo.

Ibinagsak niya ang dalang jacket sa kama ng kanyang kuwarto at hinarap ang mga ito. “What is she doing here?” mariing tanong niya na ang tinutukoy ay ang dalaga.

“Luke, she’ll be staying here from now on,” mahinahong paliwanag ni Doña Stella. “Tutulungan niya tayo upang—”

“Damn it, Mama! Dahil nagpapabaya ako sa pag-aaral ko kaya sa kanya n’yo ibinuhos ang atensyon n’yo! Hindi n’yo ba alam na ang babaeng ’yan ang

dahilan ng lahat ng kaguluhan natin?”

“Luke! Hindi mo alam ang sinasabi mo,” suway ni Don Carlo.

“Hindi ko matatanggap ang ginawa n’yo. And I don’t want her living here!”

Tumiim ang mga bagang ni Nerissa. Sinasabi na nga ba niya at ito ang magiging reaksyon ni Luke. Subalit hindi siya magpapatalo sa binata. Lalabanan niya ito kung kinakailangan.

Inis na bigla siyang tumalikod paalis.

“Nerissa!” habol ni Doña Stella.

“I hate her, Papa!” nanggigigil sa galit na sabi ni Luke. “I hate her! Ayokong makita ang pagmumukha niya dito!”

“Luke, Hijo, please understand that we have to do this,” mahinahong sabi ng don.

“Pa, nagsisikap na akong makatapos,” aniya. “Hindi na ako sumasama sa barkada; pumayag na ako sa gusto n’yong dito na lamang mag-aral. Bakit pinag-aral n’yo pa ang babaeng ’yon?”

“Hijo, may mga bagay na mahirap ipaliwanag. Maiintindihan mo rin kami pagdating ng araw. May

tiwala naman kami sa 'yo. Alam naming unti-unti ka nang nagbabago.”

Kinabukasan, tahimik ang lahat sa harap ng hapag-kainan. Pinakikiramdaman nina Don Carlo at Doña Stella sina Luke at Nerissa. Mayamaya ay tumikhim ang doña bago nagsalita.

“Aalis muna kami ng papa ninyo,” anito. “Kayo na ang bahala rito sa bahay. Luke, Hijo, tatal ay bakasyon pa naman, magbasa-basa ka muna ng libro sa library.”

“Hindi na ako bata, Mama.” Mapait na ngiti ang pinakawalan nito.

Nagpaalam kaagad ang mag-asawa. Maaga raw ang appointment ng mga ito sa isang kliyente ng hacienda.

Naiwang walang kibuan sa hapag-kainan sina Luke at Nerissa.

Mayamaya ay nagsalita ang binata. “Ikuha mo nga ako ng maiinom,” anito nang hindi tumitingin sa dalaga.

Tumaas ang isang kilay ni Nerissa. Malayung-malayo sa hitsura niya ang pagiging isang katiwala lamang. Naroroon pa rin ang pagiging simple niya

subalit lalong nalantad ang kanyang kagandahan sa magarang kasuotan at simpleng mga alahas. Gayunman, nagawa pa rin niyang sumunod sa ipinag-uutos sa kanya. Ipinagtimpla niya ang juice ang binata.

“Hindi ka nagtatanong,” anito nang ibaba niya ang baso ng juice sa mesa. “Ayoko ng pineapple juice. Ipagtimpla mo na lang ako ng mango o kaya’y orange juice.”

Hindi siya tuminag.

“Naririnig mo ba ako?” ulit nito, bahagya nang tumaas ang tinig.

Hindi siya tumugon at sa halip ay tinawag ang katulong. “Guada, ipagtimpla mo ng orange juice ang señorito mo,” utos niya.

“Ikaw ang gusto kong tumayo rian at sumunod sa ipinag-uutos ko,” baling ng binata sa kanya.

“Well, Luke, I’m not your maid,” mariing tugon niya, sabay tayo. “Maghanap ka ng mauutusan mo.”

“Mayabang ka na, lalo ka pang yumabang!” galit na sabi nito. “Pinag-aral ka lang naman ng mga magulang ko. Nabago man ang hitsura mo, napag-aral ka man, Belen pa rin ang apelyido mo. Wala ka

pa ring karapatan sa hacienda na ito. Hindi mo ba naisip na baka ginagamit ka lang ng mga magulang ko?”

“At least, alam mong may nabago sa akin,” matigas ang tinig na sabi niya. “Ikaw? Ilang taon ka na ba? Hanggang ngayon ay nag-aaral ka pa rin. Alam mo bang nakakatawa ka?”

Tumaas ang isang kamay ni Luke, akmang sasampalin ng dalaga subalit hindi nito maituloy.

“Sige, sampalin mo ako! Hindi mo na naman matanggap ang pagkatalo mo. Palibhasa hanggang diyan ka na lang,” tuya niya at saka mabilis na tumalikod.

“May araw ka rin sa akin!” pahabol nito.

Kay sarap mamasyal sa hacienda. Maaliwalas ang paligid; presko ang simoy ng hangin.

Napatingala si Nerissa sa puno ng niyog na hitik sa bunga. Nais niyang uminom ng sabaw ng buko. Matagal na siyang hindi nakakatikim niyon.

Tinawag niya ang isang tauhan ng hacienda upang magpakuha ng buko. Naupo siya sa makapal na damuhan habang pinagmamasdan ang lalaking

umaakyat ng puno ng niyog.

Hindi pa lubusang nakakapanhik ang tauhan nang biglang umalingawngaw ang putok ng isang rifle. Napasigaw si Nerissa nang bumagsak sa harapan niya ang isang buko. Kung hindi nakakapit nang mahigpit ay baka bumagsak din ang tauhan sa tindi ng pagkagulat.

Natawa nang malakas si Luke. Nakasakay ito sa kabayo at may hawak-hawak na rifle.

“Ikaw lang pala!” asar na bulyaw niya sa binata. “Muntik nang mahulog si Mang Kanor, alam mo ba ’yon?”

“At muntik ka nang mamatay sa takot?” pang-aasar nito.

“Go to hell!” Tinalikuran niya ito. “Sige, Mang Kanor, ipagpatuloy na n’yo ang pag-akyat.”

“Hindi, Mang Kanor,” pigil ng binata. “Bumaba ka riyan at samahan mo akong mamasyal sa hacienda. Matagal ko na ring hindi nalilibot ito.”

“Marami kang ibang maisasama, Luke,” nanggigil sa inis na sabad niya.

“Si Mang Kanor ang gusto kong isama at wala kang magagawa doon,” mariing tugon nito na

nangingisi-ngisi pa. “Ako pa rin ang amo ng mga tauhan dito. At maging ikaw, Nerissa, ako pa rin ang amo mo kaya’t matuto kang sumunod sa akin.” Pagkasabi niyon ay pinatakbo na nito ang kabayo palayo.

Sumunod dito ang nakababa nang si Mang Kanor.

Naiwang nanggigigil sa galit si Nerissa. Nais niyang ipukol kay Luke ang bumagsak na buko. Dahil wala na rin naman magagawa, bumalik na lamang siya sa mansyon upang asikasuhin ang mga papeles na ibinilin sa kanya ng mag-asawa.

“Totoo bang lagi kayong nagtatalo ni Luke, Anak?” tanong ni Aling Auring nang dalawin ito ng dalaga sa bahay.

“Masyadong mayabang ang lalaking iyon, Inay,” inis na tugon ni Nerissa.

“Alalahanin mo sanang anak pa rin siya ng mga taong tumulong at nagpaaral sa ’yo.”

Bumuntunghininga muna siya nang malalim bago tumungo sa bintana at tumanaw sa labas niyon. “Siya ang nag-umpisa, Inay. Palagi na lamang niya akong kina-kalaban.”

Ngumiti si Aling Auring. “Baka hanggang ngayon

ay may pagtingin pa rin siya sa 'yo?"

“Hindi, Inay. Ibang-iba na siya. Hindi na siya ang dating Luke na kilala ko. Napakababa na ng tingin niya sa akin.” May lungkot sa mga mata ng dalaga. “Kahit gusto kong makipagmabutihan sa kanya, nawawalang lahat iyon kapag nag-uumpisa na siyang mang-inis. Kung tratuhin niya ako ay higit pa sa isang alipin. Pero hindi ako magpapatalo sa kanya, Inay. Hinding-hindi ako magpapagapi.”

Nagbabasa ng business newspaper si Nerissa nang umagang iyon nang bisitahin ni Maila.

“Maila, kumusta ka na!” nakangiting bati niya sa kaibigang naupo kaagad sa kanyang tabi.

“Ikaw ang kukumustahin ko, bruha ka,” anito. “Pumunta ako sa inyo at dito ako itinuro ng nanay mo. My God! Ano’ng ginagawa mo sa malaking bahay na ito?”

“You mean, hindi pa nasabi ng Inay sa 'yo?”

“Well, nasabi na pero gusto ko pa ring marinig mula sa 'yo,” napapalatak na sabi nito. “Hindi ako makapaniwala! Gusto ko tuloy isiping pinatulan mo na ang matinding pagkagusto sa 'yo ni Luke.”

Magsasalita sana siya nang biglang pumanaog ng hagdan ang binata.

“Hi, Luke,” bati ni Maila rito.

Animo’y walang narinig na nagtuluy-tuloy ito sa kusina.

“Ano’ng problema n’on?” nagtatakang tanong ng babae.

“Malaki ang problema niyan,” bulong niya. “Problema niya kung paano ako mapapaalis sa bahay na ito.”

“Sa ’yo ko muna ipauubaya ang pangangasiwa sa hacienda, Neri,” nakangiting sabi ni Don Carlo isang umaga habang nag-aalmusal sila. “Marami kaming dapat asikasuhin sa Maynila ng Mama Stella mo. May bagong negosyo kaming inuumpisahan na balang araw ay pamamahalaan naman ni Luke.” Bumaling ito sa binata. “Is that okay with you, Son?”

Isang tipid na tango ang pinakawalan ni Luke.

“Mapapadalas ang pagluwas namin ng Maynila,” saad ni Doña Stella. “Inaasahan naming walang mangyayaring kalokohan dito.” Bumaling ito sa anak. “Luke...?”

“Yes, Mama,” sagot nito nang hindi nag-aangat ng paningin.

Nagkatinginan ang mag-asawa. Wala pa rin silang tiwala sa kaisa-isang anak. Nagdadalawang-isip pa rin sila kung dapat itong iwan kasama si Nerissa. Hindi nila nakakalimutan na malaki ang pagkagusto ng kanilang anak sa anak ng katiwala nila noon.

“Nerissa, kung may problemang dumating, you know where to contact us,” ani Don Carlo.

“Yes, Papa Carlo,” sagot niya.

Nilibot ni Nerissa ang hacienda nang umagang iyon. Nagdala siya ng camera upang kuhanan ang magagandang view. Hilig din niya ang photography.

Sa rice fields ay marami siyang nagustuhang tanawin kaya nagpaiwan siya roon sa tauhan. Kay sarap damhin ng hangin doon. Lalong umaaliwalas ang paligid sa kulay berdeng mga dahon ng palay. Inaalun-alon naman ng hangin ang kanyang mahabang buhok.

Kuha rito, kuha roon ang ginawa niya subalit bigla siyang napasigaw nang mapatama ang zoom

lens niya sa lalaking kinaiinisan. Bago pa niya iyon napagtanto ay napindot na niya ang camera.

Nakuhanan niya ng litrato si Luke na noon ay nasa isang kubong ginagawang pahingahan ng mga tauhan. Ipinipinta nito ang magandang tanawin. Hindi niya alam na mahilig pala ito sa pagpipinta.

Nang bumalik si Nerissa sa mansyon ay naroroon na si Luke. May kausap ito sa telepono nang datnan niya sa sala. Balak na niyang tumuloy sa itaas nang marinig ang mga sinasabi nito.

“Yeah, Pare, ang laki ng balakang,” natatawang kuwento nito sa kausap. “Pero ang ganda ng katawan. Sexy! Ang kinis! May nunal siya sa pagitan ng kanyang dibdib....”

Umakyat ang dugo sa ulo ni Nerissa nang marinig iyon. Walang sabi-sabing sinugod niya ang binata at sinampal nang malakas.

Mabilis nitong ibinaba ang telepono. “Ano ba’ng problema mo?” inis na tanong nito.

“Pagkatapos ng mga pinagsasabi mo kanina, itatanong mo sa akin ’yan?” malakas na bulyaw niya. “Kahit kailan, mamboboso ka! Bastos kang talaga!

Bakit mo ako binosohan?”

“Anong binosohan ang pinagsasabi mo?”

“Ano ’yong narinig ko kaninang ikinukuwento mo sa kausap mo sa telepono? Ang sabi mo, may nunal sa—”

Napangiti ito. “Bakit, may nunal ka ba sa pagitan ng dibdib?”

Isang sampal pa ang pinakawalan niya sa pisngi nito.

“Sumosobra ka na, ha!” yamot na sabi nito. “Bakit, ikaw lang ba ang may nunal sa dibdib?”

“Ako lang naman ang hilig mong bosohan simula pa noon!” sigaw niya.

“Ikaw? Hindi na bale! Walang-wala ka sa mga babae sa Maynila.” Ngingisi-ngisi ito. “Hindi ako magtitiyagang mamboso sa ’yo.” Iyon lang at tumalikod na ito.

Dinampot niya ang throw pillow sa sofa at ibinato sa binata. Sapol ito sa balikat!

Galit na muli itong humarap sa kanya. “Ano ba’ng gusto mong palabasin?”

“Mayabang!” aniya. “Puwede, para sabihin ko sa

'yo, walang-wala ka rin sa mga lalaking nakilala ko't nanligaw sa akin. Intelihente silang tao, marunong sa buhay, masisipag at matitinong lalaki. Ikaw, look at yourself, ano ka na ba ngayon? Astang teen-ager ka pa rin. Bobo!"

Kumuyom ang palad ni Luke, balak sagutin ang mga sinabi ni Nerissa subalit mabilis na siyang nakapanhik ng hagdan. Tiim ang mga bagang na sinundan na lamang siya nito ng tingin.

Hindi niya alam kung bakit siya napaiyak nang makarating ng kuwarto. Nasaktan siya sa sinabi ng binata. Lalong nadaragdagan ang pagkamuhi niya rito.

Minsan, ginulat si Luke ng pagsulpot ng isang kaibigan—si Bryan, dati niyang kaklase at malapit na kaibigan noong high school.

"Pare, long time, no see!" salubong niya.

"You look good, Pare," bati nito. "Kumusta na?"

Iginiya niya ang bisita sa lanai. "Heto, I'm managing our hacienda," pagsisinungaling niya. "Masyadong busy ang parents ko sa pamamahala ng ibang negosyo sa Maynila."

“Pare, ang laki nitong hacienda n’yo!” bulalas ng lalaki.

“Ikaw, kumusta na?”

“Kumukuha ako ng Law, Pare,” masayang balita nito. “Akala ko ba’y Fine Arts ang kursong gusto mo?”

“I changed my mind, Pare,” maikling tugon niya at saka na iniba ang usapan. “So, napadalaw ka?”

“Miss ko na ang gimmicks natin. Ang tagal din naman nating walang balita sa isa’t isa. So, Pare, kailan ba tutunog ang kampana?”

Kibit-balikat siyang napangiti.

Sa puntong iyon ay dumating si Nerissa. Nakapantalon itong maong, peach na polo shirt, nakabota at sumbrerong itim. Mukhang maglilibot na naman sa hacienda ang dalaga.

Namilog ang mga mata ni Bryan. “Pare, huwag mong sabihing may asawa ka na? I know that you’re an only child.”

“She is my girlfriend,” wala sa loob na nasabi ni Luke. Hustong nakalapit si Nerissa sa kanila nang akbayin niya ito. Napakislot ang dalaga pero pinisil niya ito sa balikat, nagpapahiwatig na makisakay lang ito. “Si Nerissa, girlfriend ko,” pakilala niya rito

sa kaibigan. “Nerissa, si Bryan, schoolmate ko dati.”

“Hi, Nerissa.” Walang kakurap-kurap si Bryan sa pagkakatitig sa dalaga.

Hindi naman halos napansin ni Nerissa ang bati ng bisita dahil tila bumingi sa kanyang pandinig ang kasinungalingan ni Luke. Bigla siyang kumalas mula sa pagkakaakbay ng binata.

“Anong girlfriend ang pinagsasabi mo!” sigaw ng dalaga na halos bumingi sa pandinig ng dalawa. “Nanaginip ka? Hoy! Wala akong boyfriend na mayabang!” anito, sabay talikod.

Naguguluhang sinundan ito ng tingin ni Bryan. Kakamut-kamot namang bumalik sa upuan si Luke.

Tumawa nang malakas ang kaibigan niya. “Hanggang ngayon, sinungaling ka pa rin, Luke.”

“Kidding aside, Pare, she’s my parents’ adopted daughter,” walang bahid-ngiting tugon niya na pinamumulahan ng pisngi.

“So, she’s not your girlfriend?”

Umiling siya.

“She’s beautiful, Pare!” bulalas nito. “Type mo siya?”

“Nope.”

“So, puwede ko siyang ligawan?”

Natigilan si Luke sa tanong na iyon. *Hindi!* gusto sana niyang isagot. Subalit ibang salita ang lumabas sa kanyang bibig. “Pare, hindi siya ang babaeng nararapat sa ’yo.”

“But, Pare, parang na-love at first sight ako,” seryosong sabi nito. “Hindi ko alam kung makakatulog ako pagdating ko sa bahay. Baka hindi na siya mawala sa isip ko. Ang lakas ng dating niya sa akin.”

Napailing siya. “Bahala ka kung gusto mong mamroblema. Don’t say I didn’t warn you,” kunwa’y babala niya.